Ipinag-utos niya sa mga tao,na ang maging huling pagtatagpo nila ay sa Tahanan [ng Allah],subalit hindi niya isinali rito ang babaing may regla

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanilang dalawa-Ipinag-utos niya sa mga tao,na ang maging huling pagtatagpo nila ay sa Tahanan [ng Allah],subalit hindi niya isinali rito ang babaing may regla

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa banal na Tahanang ito ay nararapat ,pagsasagawa ng pagdadakila at pagpaparangal,Ito ay tanda ng pagsamba sa Allah,pagpapakumbaba,at pagsusumamo sa harapan Niya,[Matatagpuan] sa kanya ang pagluluwalhati ng mga puso,at sa mga puso ay may pagdadakila ,pananabik,at pagmamahalan.Dahil dito,Ipinag-utos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga nagsasagawa ng Hajj,bago sila lumisan,na dito ang maging huling tagpo nila,At ang pagsasagawa ng huling Tawaf na ito ay tinatawag na Tawah ng pamamaalam,Maliban sa babaing may regla,Dahil sa madudungisan ang Masjid sa pagpasok niya,kaya hindi ipinahintulot sa kanya ang pagsasagawa ng Tawaf nang walang kabayaran,at ang usaping ito ay para lamang sa mga nagsasagawa ng Hajj,hindi kasali ang nagsasagawa ng `Umrah.Taysir Al-Alam-Tanbih-Al-Afham-Tasis Al-Ahkam

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3229